

Bakuna para sa HPV (Human Papillomavirus): Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Pinipigilan ng bakuna para sa HPV ang impeksiyon mula sa mga uri ng human papillomavirus (HPV) na kaugnay ng maraming kanser, kabilang ang:

- **kanser sa cervix** sa kababaihan,
- **kanser sa puwerta at panlabas na bahagi ng puwerta** sa kababaihan,
- **kanser sa puwet** sa kababaihan at kalalakihan,
- **kanser sa lalamunan** sa kababaihan at kalalakihan, at
- **kanser sa ari** sa kalalakihan.

Bilang karagdagan, ang bakuna para sa HPV ay pumipigil sa impeksiyon mula sa mga uri ng HPV na nagdudulot ng **mga kulugo sa ari** sa kababaihan at kalalakihan.

Sa U.S., tinatayang 12,000 kababaihan ang nagkakaroon ng kanser sa cervix taun-taon at tinatayang 4,000 ay inaasahang mamamatay dulot nito. Ang bakuna para sa HPV ay makakahadlang sa karamihan sa kasong ito ng kanser sa cervix.

Ang pagbabakuna ay hindi kapalit ng pagpapa-screen para sa kanser sa cervix. Hindi nagbibigay proteksiyon ang bakunang ito laban sa lahat ng uri ng HPV na maaaring magdulot ng kanser sa cervix. Dapat pa ring regular na magpa-Pap test ang mga babae.

Ang impeksiyon ng HPV ay karaniwang nagmumula sa sekswal na kontak at karamihan ng mga tao ay maiimpeksiyon sa anumang punto ng buhay nila. Mga 14 milyong Amerikano, kasama ang mga nagbibinata at nagdadalaga, ay naiimpeksiyon bawat taon. Karamihan ng impeksiyon ay mawawala nang kusa at hindi magdudulot ng mga malalang problema. Ngunit libo-libong kababaihan at kalalakihan ay nagkaka-kanser at ibang mga sakit mula sa HPV.

2 Bakuna para sa HPV

Ang bakunang HPV ay aprubado ng FDA at inirerekomenda ng CDC sa kalalakihan at kababaihan. Karaniwan itong ibinibigay sa 11 o 12 taong gulang pero maaaring ibigay simula sa edad na 9 na taon hanggang 26 na taon.

Karamihan ng nagbibinata at nagdadalaga mula 9 hanggang 14 na taong gulang ay dapat magpabakuna para sa HPV bilang serye ng dalawang dosis na ang dosis ay may pagitang 6-12 buwan. Ang mga taong

nagsimula ng pagbabakuna para sa HPV sa 15 taong gulang at mas matanda ay dapat magpabakuna bilang serye ng tatlong-dosis na ang pangalawang dosis ay ibibigay sa 1-2 buwan makalipas ang unang dosis at ang ikatlong dosis ay ibibigay 6 na buwan makalipas ang unang dosis. May ilang hindi maisasama sa mga rekomendasyon sa edad na ito. Ang iyong tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

3 May ilang tao na hindi dapat tumanggap ng bakunang ito

- Sinumang may malalang (mapanganib sa buhay) na allergic na reaksiyon sa dosis ng bakuna para sa HPV ay hindi dapat kumuha ng isa pang dosis.
- Sinumang may malalang (mapanganib sa buhay) na allergy sa alinmang bahagi ng bakuna para sa HPV ay hindi dapat magpabakuna.

Ipaalam sa iyong doktor kung mayroon kang anumang mga matitinding allergy na alam mo, kabilang ang isang matinding allergy sa yeast.

- Ang bakuna para sa HPV ay hindi inirerekomenda sa mga nagdadalantaong kababaihan. Kung malaman mo na buntis ka noong nagpabakuna ka, walang dahilan para aasahan ang anumang problema para sa iyo o sa iyong sanggol. Ang sinumang babae na nalamang buntis siya noong nagkaroon siya ng bakunang HPV ay hinihikayat na makipag-ugnayan sa rehistro ng tagagawa para sa pagbabakuna ng HPV sa pagbubuntis sa 1-800-986-8999. Ang mga babaeng nagpapasuso ay maaaring magpabakuna.
- Kung may banayad kang sakit, tulad ng sipon, malamang ay maaari kang magpabakuna ngayon. Kung ikaw ay may katamtaman o matinding sakit, dapat kang maghintay hanggang sa gumaling ka. Mapapayuhan ka ng doktor mo.

4 Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may tsansa ng mga side effect. Karaniwan ay banayad ito at mawawala nang kusa pero posible rin ang mga malalang reaksiyon.

Karamihan sa mga tao na nagpapabakuna para sa HPV ay hindi nagkakaroon ng anumang mga malalang problema rito.

Banayad o mga katamtamang problema pagkatapos ng bakuna para sa HPV:

- Mga reaksiyon sa braso kung saan ininiksiyonan:
 - Pananakit (mga 9 na tao sa 10)
 - Pamumula o pamamaga (mga 1 tao sa 3)
- Lagnat:
 - Banayad (37.8°C/100°F) (mga 1 tao sa 10)
 - Katamtaman (38.9°C/102°F) (mga 1 tao sa 65)
- Ibang mga problema:
 - Pananakit ng ulo (mga 1 tao sa 3)

Mga problema na maaaring mangyari pagkatapos ng ininiksiyong bakuna:

- Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang isang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang mga 15 minuto makalipas ang pagbabakuna ay makakatulong na mapigilan ang pagkahimatay, at mga pinsalang dulot ng pagkatumba. Sabihin sa iyong doktor kung nakakaramdam ka ng pagkahilo, o may mga pagbabago sa paningin o kuliling sa mga tainga.
- Ang ilang tao ay nagkakaroon ng matinding sakit sa balikat at nahihirapan sa paggalaw ng braso kung saan ibinigay ang iniksiyon. Nangyayari ito nang napakadalang.
- Ang anumang gamot ay maaaring magdulot ng isang matinding allergic na reaksiyon. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa isang bakuna ay napakabihira, na tinatayang mga 1 sa isang milyong dosis, at nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa dagdag pang impormasyon, bumisita sa: www.cdc.gov/vaccinesafety/.

5 Paano kung may malalang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Magbantay para sa anumang iba pang bagay na ikakabahala mo, tulad ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-pangkaraniwang pag-uugali.

Ang mga palatandaan ng isang **matinding allergic na reaksiyon** ay maaaring kabilangan ng mga tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na pintig ng puso, pagkahilo at panghihina. Nagsisimula ito kadalasan nang ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

Kung sa iyong palagay ay isa itong **matinding allergic na reaksiyon** o iba pang emerhensiya na hindi makakapaghintay, tumawag sa 9-1-1 o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tawagan ang iyong doktor.

Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) (Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna). Maaaring isumite ng doktor mo ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.

6 Ang Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) (Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna) ay isang pederal na programa na nilikha upang bayaran ang mga taong maaaring napinsala ng mga partikular na bakuna.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng bakuna ay maaaring makakuha ng kaalaman tungkol sa programa at tungkol sa pagsasampa ng claim sa pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation. May limitasyon sa panahon ng pagsasampa ng claim para sa kabayaran.

7 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang tagapaglaan mo ng pag-aalaga ng kalusugan. Siya ay maaaring magbigay sa iyo ng insert sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Pumunta sa website ng CDC sa www.cdc.gov/hpv

Vaccine Information Statement HPV Vaccine

12/02/2016

Tagalog

Office Use Only



42 U.S.C. § 300aa-26